

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Lungsod ng Brampton nanalo ng marketing award para sa Innovation District video**

BRAMPTON, ON (Marso 10, 2022) – Nanalo ang Lungsod ng Brampton ng Economic Developer's Association of Canada (EDAC) Marketing Canada Award para sa [Innovation District video](#) nito

Patuloy na pinapasigla ng Lungsod at binubuksan ang pang-ekonomiyang potensyal ng downtown nito sa pamamagitan ng pagsuporta sa innovation at entrepreneurship ecosystem: ang Brampton Innovation District. Noong Oktubre 2021, ang Brampton Economic Development Office ay naglunsad sa Innovation District video para i-highlight ang mga epekto nitong innovation ecosystem.

Ang Innovation District ay may matalas na pokus sa start-up scaling, paghikayat sa pamumuhunan at pagpapalalaki ng talent, at nagbibigay ng lokal na suporta para sa mga negosyante at bagong negosyo. Nag-aalok din ito ng mga resource para suportahan ang mga kumpanya ng innovation at teknolohiya sa paglikha ng bagong teknolohiya. May mga kasunduan umpisa sa 2019, committed ang Lungsod sa pamumuhunan ng tinatayang \$20.5 milyon sa Innovation District district nito na may karagdagang tinatayang \$55.2 milyon sa mga pamumuhunan na makukuha ng mga partner sa Innovation District.

Mula 2019 hanggang 2021, anim na bagong partner ang nagtatag ng kanilang presensya sa Innovation District. Kabilang sa mga partner sa Innovation District ang entrepreneurial, incubation ng negosyo, pagsasanay post-secondary, at accelerator spaces tulad ng Brampton Entrepreneur Centre, BHive Brampton, the Ryerson-led Venture Zone, Altitude Accelerator, ang Founder Institute, Algoma University, at ang Rogers Cybersecure Catalyst Headquarters at Accelerator. Ang Sheridan Edge, ang Brampton Board of Trade and Downtown Brampton BIA ay mga key partner din sa pagsuporta sa Innovation District.

Nagbabase sa Term of Council Priorities, ang mga pantranspormasyong inisyatibo na nagpapatuloy ay makakatulong sa paglikha ng kumpletong komunidad, pag-unlock sa potensyal sa ekonomiya at pagpapalakas sa unique na posisyon ng Brampton sa Innovation Corridor.

Sa buong COVID-19, nagpatuloy ang Lungsod sa paghikayat ng pamumuhunan sa downtown at mas pagpapalalaki sa bagong mga development sa sentro ng Brampton. Ang nagpapatuloy na ebolusyon sa Innovation District ng Lungsod ay isang mahalagang piraso ng Estratehiya ng Pagbangon ng Ekonomiya, at makakatulong sa pag-abante ng Lungsod mula sa mga epekto ng pandemya na may pokus sa mga sektor na nakahanda para sa patuloy na paglago, tulad ng cybersecurity at artificial intelligence.

Para malaman ang mas marami pa tungkol sa Innovation District, bisitahin ang [www.bramptoninnovationdistrict.com](http://www.bramptoninnovationdistrict.com) o panoorin ang Innovation District [video](#) ng Lungsod

**Tungkol sa Economic Developer's Association of Canada at sa Marketing Canada Awards**

Ang EDAC ay isang pambansang samahan ng Canada ng mga propesyonal sa pagpapaunlad ng ekonomiya, na kumakatawan sa bawat probinsya at teritoryo sa buong Canada na may halos 1,000 miyembro. Kinikilala ng Samahan na ang pagtataguyod sa isang komunidad ay isang mahalagang parte ng propesyon sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Ang Marketing Canada Awards ay bukas sa mga organisasyon na nagpo-promote at nagtataguyod sa mga lalaewigan, teritoryo, rehiyon, kungd, lungsod, bayad at lugar sa Canada na may pananaw na mas pagagandahin ang kabutihan sa ekonomiya ng mga Canadian.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay nasa kalagitnaan ng kapana-panabik na transportasyon, at kasama ang ating mga partner, dine-develop natin ang ating Innovation District tungo sa isang malaking hub ng edukasyon at innovation. Alam natin na ang marketing ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagtukoy sa ating mga sarili bilang pandaigdigang lider sa innovation, at committed tayo sa pag-highlight sa maraming lakas ng Brampton para hikayatin ang nagpapatuloy na pamumuhunan. Ipinagmalalaki natin ang pagkilala ng Economic Developer’s Association of Canada sa ating Innovation District video.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa pamamagitan ng pagtakda sa Downtown Brampton bilang isang hub ng innovation at pagnenegosyo, hinihikayat natin ang paglago na magbibigay pakinabang sa ating mga residente, estudyante at negosyo. Ang Innovation District video ay gumagawa ng napakahusay na trabaho sa pag-highlight sa mga epekto ng ating innovation ecosystem, at susuporta sa atin habang nagpapatuloy tayo sa paglikha ng pamumuhunan sa ating downtown core. Isang karangalan na makilala ng Economic Developer’s Association of Canada.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Pinapalakas at ina-unlock natin ang potensyal ng ating downtown, at lumilikha ng kumpletong mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapatuloy sa mga mahalagang inisyatiba sa ating Innovation District. Seryoso at determinado ang Brampton sa ginagawa nila, at ang ating Innovation District video ay gumagawa ng napakahusay na trabaho sa pagpapakita nito. Kasama ang ating mga mahalagang partner sa Innovation District, itinatayo natin ang isang world-class na hub ng edukasyon at innovation, sa gitna ng ating lungsod.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Vice-Chair, Economic Development and Culture, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating Economic Development team ay patuloy na nangunguna sa daan sa pag-develop sa ating lungsod tungo sa isang hub ng edukasyon at innovation para magbigay pakinabang sa ating buong komunidad. Sa ating pangunahing lokasyon na nasa Innovation Corridor ng Canada, pinapahalagang mga partnership, at skilled at diverse na talent pool, ina-unlock natin ang potensyal ng ating downtown, na malinaw na naipakita sa ating Innovation District video.”

- *Clare Barnett, Director, Economic Development, Lungsod ng Brampton*



## Media Release

hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)